

Ano ang Mga Responsibilidad ng Mga Magulang?

- Kilalanin ang mga kamag-anak na maaaring payag na magbigay ng paglalagyan at alagaan ang bata;
- Limahok sa mga pagbisita sa bata, maliban kung nagpasya ang korte na hindi payagan ang mga pagbisita;
- Dumalo sa lahat ng pagdinig ng korte;
- Update ang korte sa impormasyon;
- Sundin lahat ng utos ng korte;
- Kumahok sa pagpapalano ng kaso;
- Makipag-ugnay sa case worker at abogado at magbigay ng updated na impormasyon sa pagkontak (telepono at address);
- Makipagkomunika sa case worker at abogado tungkol sa bata at sa kaso, lalo na kung may mga tanong o kung kailangan ng mga magulang sa mga serbisyo;
- Lumahok sa mga serbisyong inutos ng korte, matugunan ang mga layunin sa progreso, at ipakita ang mga pagbabago sa pag-uugali na nakalista sa Planong Serbisyo ng Pamilya;
- Lumahok sa edukasyon ng bata at pangangalaga sa kalusugan; at
- Lumahok sa pagkokomperensiya ng pamilya at mga ibang pagpupulong para sa kaso.



Ano ang Mga Responsibilidad ng Case Worker CWS?

Ang iyong caseworker sa CWS ay regular na makikipag-usap sa iyo tungkol sa iyong mga karapatan, responsibilidad, at mga inaasahan.

- Magsagawa ng mga patuloy na pagtatasa ng kaligtasan ng anak mo;
- Kilalanin at abisuhan ang mga kamag-anak ng bata na maaaring nais na magbigay ng paglalagyan;
- Magsagawa ng mga pagtatasa ng mga pangangailangan ng mga magulang;
- Isangguni ang mga magulang sa mga angkop na serbisyo sa napapanahong paraan;
- Pag-isipan kung ang mga ibang tagapaglaan ng serbisyo na minumungkahi ng mga magulang ay naaangkop;
- Subaybayan ang progreso ng mga magulang sa mga serbisyo;
- Buwanang bisitahin ang bata, mga magulang, at paglalagay sa foster na dulugan;
- Panatiliing may kabatiran ang mga magulang tungkol sa development at progreso ng bata;
- Alamin kung maaaring manatili ang bata sa bahay na may plano sa kaligtasan;
- Kung gagawa ang CWS ng mga pagbabago sa paglalagay ng bata o plano sa pagbisita, abisuhan ang mga magulang gamit ang telepono o sa pamamagitan ng sulat bago pa man o sa loob ng tatlong araw ng trabaho, kapag may emerhensiya; at
- Abisuhan agad ang mga magulang at GAL gamit ang telepono o sa pamamagitan ng sulat kapag nakatanggap ang CWS ng ulat ng pananakit o nagbanta ng pananakit sa bata habang nasa foster na pangangalaga.



Pagpapalano sa Magkakasabay na Pagkapermanente

Isang Patnubay sa Mga Pamilya

Aktibong nakikipagtulungan ang Child Welfare Services sa mga miyembro ng pamilya. Kinikilala nito ang pamilya bilang mga eksperto sa nauukol nilang sitwasyon at binibigyan sila ng kapangyarihan sa proseso.



Lahat ng mga bata at kabataan ay may karapatan sa pamilya at permanenteng lugar na tatawaging tahanan. Kailangan ng mga bata ng katatagan sa mga relasyon nila, komunidad, at sistema ng suporta para itaguyod ang malusog nilang paglaki at pag-develop. Ang mga bata ay hindi dapat lumako sa foster na pangangalaga. Ang mga layunin sa pagiging permanente ay dapat itaguyod sa sandaling pumasok ang bata sa foster na pangangalaga.

Ano ang Pagpaplano sa Magkakasabay na Pagkapermanente?

Ang pagpaplano sa magkakasabay na pagkapermanente ay nangangahulugan na ang dalawang layunin sa pagiging permanente ay natukoy sa simula ng kaso at magpaplano ang Child Welfare Services (CWS) na makamit ang dalawang layunin. Nangangahulugan ito na ang CWS at mga magulang ay magtatrabaho papunta sa bata sa bahay ng pamilya at pagsasara ng kaso (muling pagsasama) at magpaplano rin para sa posibilidad na ang bata ay maaaring walang ligtas na bahay ng pamilya para makauwi sa loob ng makatwirang panahon at maaaring kailangan ng alternatibong permanenteng caregiver sa pamamagitan ng pag-ampon, paglalagay sa legal na pangangalaga, o sa permanenteng caregiver hanggang umabot sila sa edad na 18.

Ano ang Mga Timeline ng Pagiging Permanente?

***Anim na buwan man lang**, may pagdinig na pagrepaso kung saan nirerepaso ng huwes ang katayuan ng kaso at inaalam ang:

- Progreso ng pamilya sa paglutas ng mga pangkaligtasang alalahanin;
- Ang kaligtasan ng bata, ang patuloy na pangangailangan sa paglalagay sa labas ng bahay, at ang kaangkupan ng kasalukuyang paglalagay;
- Kung nakakatanggap ang bata ng mga angkop na serbisyo at pangangalaga;
- Ang kaangkupan ng mga kaayusan sa pagbisita;
- Kung ang plano ng kasi ay tamang pinatutupad, ang hangganan kung saan ang bawat partido ay sumunod sa plano ng kaso, at ang mga aktibidad ng CWS ay nakatuon sa pagkamit ng permanenteng paglalagay para sa bata; at
- Malamang na petsa para umuwi ang bata o mailagay nang permanente sa labas ng bahay.

***12 buwan man lang**, may pagdinig sa pagiging permanente kung saan inaalam DIN ng huwes:

- Kung gumawa ang CWS ng makatwirang pagsusumikap na ilagay ang magkakapatid ng magkakasama at bigyan ang mga magkakapatid ng madalas na pagbisita at ibang kontak kung magkakahiwalay ang tirahan nila;
- Kung gumawa ang CWS ng makatwirang pagsusumikap na maglaan ng mga serbisyo sa pamilya na kailangan para umuwi ang bata at makamit ng muling pagsasama;
- Kung ang magkasabay na plano ay angkop, o kung ang mga layunin sa pagiging permanente ay dapat magbago;
- Kung kinonsulta ang bata sa angkop sa edad na paraan tungkol sa mga layunin sa pagiging permanente; at
- Kung isasapinal ng CWS ang alternatibong layunin sa pagiging permanente.

***TANDAAN:** Maaaring magbago ang timeline depende sa mga sirkumstansiya.

Ano ang Mga Layunin sa Pagiging Permanente?

Muling Pagsasama. Ang nais na layunin ay para muling isama ang bata sa mga magulang sa lalong madaling panahon. Makikipagtulungan ang caseworker sa mga magulang na gumawa ng plano sa kaso na bumubuo sa mga lakas ng pamilya at tinutugunan ang mga alalahanin sa kaligtasan ng bata. Ikonekta ang mga pamilya sa makabuluhang serbisyo habang nagpapanatili ng mga koneksiyon sa pamilya at kultura. Sisiguruhin din sa mga pamilya ang plano sa pagbisita para sa regular na kontak sa bata.

Pag-ampon: Kapag hindi posibleng makauwi ang bata, ang pag-ampon ay isa pang paraan ng pagbibigay ng seguridad, pagiging permanente, at pagmamahal sa pamilya. Ang mga karapatan sa pagiging magulang sa isang bata ay dapat unang mawakasan ng korte bago ang bata ay maa-ampon. Ang pag-aampon ay naglilipat ng responsibilidad ng magulang mula sa magulang sa pagkapanganak ng bata sa mga nag-aampong magulang. Ang huwes ang aalam kung ang caregiver ay maaaring mag-ampon ng bata. Kung ang bata ay 10 taong gulang o mas matanda, ang pahintulot nila ay maaari ring kailanganin. Samakatuwid ang bata ay ituturing na likas na pinanganak na anak ng nag-aampong magulang.

Pagiging Tagapag-alaga: Maaaring pag-isipan ng CWS na ilagay ang bata sa legal na pangangalaga sa tagapag-alaga na payag na bigyan ang bata ng permanenteng bahay. Ang ilang karapatan sa pagiging magulang ay maililipat sa guardian, partikular alinsunod sa proteksiyon ng bata, edukasyon, pangangalaga at kontrol, kustodiya, at pagpapasya. Ang pagiging tagapag-alaga ay hindi nangangailangan na ang mga karapatan ng mga magulang ay mawakasan. Kung ang bata ay 14 taong gulang o mas matanda, ang pahintulot ng bata sa pangangalaga ay maaaring kailanganin.

Isa Pang Naplanong Permanenteng Pag-aayos sa Pamumuhay (APPLA): Ang layuning ito ay maaaring tugisin para sa kabataang 16 taong gulang o mas matanda kung saan may nakakakumbinsing dahilan na wala sa pinakamahusay na interes ng kabataan na umuwi, mailagay sa pag-aampon, pumasok sa pangangalaga, o mailagay sa angkop at payag na kamag-anak.